




PAFCPIC

Balita

2020 Vol. 2



**IKA-39 TAON
NG PAFCPIC,
IPINAGDIWANG**

**IN FOCUS:
CHAIRPERSON
OF THE BOARD**

**PANALOAN
& FILL OUT N' WIN
WINNERS**

**PAMASKONG
HANDOG NG GAD
COMMITTEE**

MATATAG AT MAPAGKAKATIWALAAN



PAFCPIC

Fill Out n' **WIN!** 2021



GRAND DRAW PRIZES

TWO (2) WINNERS OF
YAMAHA SNIPER 150

FIVE (5) WINNERS OF
XIAOMI M365 PRO SCOOTER

TWO (2) WINNERS OF
IPAD PRO 12.9-INCH 128GB

THREE (3) WINNERS OF
SAMSUNG GALAXY WATCH ACTIVE 2



MINOR DRAW PRIZES

FOUR (4) WINNERS OF
LG 50-INCH, ULTRA HD, SMART TV

FORTY (40) WINNERS OF
PHP 2,000 CASH GIFT

Promo runs from January 04, 2021 to November 10, 2021.

Grand Raffle Draw is on December 10, 2021.

See print ads for more details.

**Actual brand and color may vary upon item's availability*

MGA NILALAMAN

- 01 **COLUMN**
Bagong Pag-asa sa Pagpasok ng Bagong Taon
PAFCPIC Committee Structure
- 03 **SPECIAL FEATURE:
BOARD OF DIRECTORS**
In Focus: Chairperson of the Board
In Focus: Executive Committee
In Focus: Conciliation and Mediation Committee
In Focus: Audit and Supervisory Committee
In Focus: Scholarship Committee
- 07 **ACTIVITY WALL**
Photo Gallery
- 09 **PAFCPIC NEWS**
PAFCPIC, Nag-Abot ng Tulong sa mga Nasalanta ng Bagyong Ulysses
Pamaskong Handog ng GAD Committee
PSO - CGEA Lumipat sa Bagong Opisina
PAFCPIC Nagbukas ng Opisina sa La Union
Fill Out N' Win & PANALOan Grand Draw Winners
Pasasalamat ng Isang Iskolar
Mas Pinabilis na Serbisyo ng PACPIC
PAFCPIC, Pinarangalan ng CDA sa Gawad Parangal 2020
PAFCPIC Nagdiwang ng Ika-39 Taon sa Financial Industry



PUBLISHER

BGEN FRANCISCO M PAREDES (RET)
CHAIRPERSON, BOARD OF DIRECTORS

BGEN FERNANDO S ZABAT (RET)
PRESIDENT

BGEN ANASTACIO C CABADING JR (RET)
EXECUTIVE VICE PRESIDENT

CREATIVE TEAM

LTGEN OSCAR P LOPEZ (RET)
ADVISER

MS ARLENE O VILLAFLO
ADVISER

MR JOSEPH NATHAN V CRUZ
EDITOR-IN-CHIEF

MS ALYSSA MAE O RECUENCO
WRITER

MR IRVIN JOSHUA C EUGENIO
LAYOUT ARTIST

MS ALYSSA MARIE H ALKHALIFA
CONTRIBUTOR

MR ADCEL ERIC S CABAL
CONTRIBUTOR

MS LEAH ROSE D MANABAT
CONTRIBUTOR

SERVING THE AFP
SINCE 1981



BGEN FERNANDO S ZABAT (RET)
PRESIDENT, PAFCPIC

BAGONG PAG-ASA SA PAGPASOK NG BAGONG TAON

Kung hawak mo na itong isyung ito ng PAFCPIC Balita, malamang patapos o tapos na ang Holiday Season ng Pasko at Bagong Taon. Sa ganitong panahon, importante na lumingon tayo sa pinagdaanan natin sa lumipas na taon para maging handa tayo sa mga dalang hamon ng parating na taon.

Kung hamon sa buhay din lang ang pag-uusapan, napakarami nating hinarap na hamon nitong 2020. Andiyan ang mga lindol, pagsabog ng bulkan, supertyphoons at iba pang mga natural disasters. Sa kabila ng mga ito, nagtutulongan tayo bilang iisang bansa at lalo nating naipamalas ang espiritu ng bayanihan ng mga Pilipino.

Pero wala na sigurong mas malaking hamon nitong 2020 kaysa sa COVID-19 pandemic. Naparalisa ang transportasyon, kaya naman naapektuhan ang mga buhay at hanap-buhay ng marami sa ating mga kaibigan o kamag-anak.

Maski ang PAFCPIC ay naapektuhan ng pandemic. Bilang pagsuporta sa Bayanihan Act I at sa sumunod

na Bayanihan 2 Act na ipinasa ng gobyerno, may apat na buwan nitong 2020 kung saan postponed o deferred and paniningil ng PAFCPIC ng bayad sa loans mula sa ating members. Hindi po basta-bastang sakripisyo ito sa parte ng ating Kooperatiba. Ang apat na buwan na iyon ay katumbas ng apat na buwan na walang pumasok na kita sa Kooperatiba.

Kung mas mahina siguro tayong organisasyon ay tumaob na tayo. Sa totoo lang, maraming kumpanya ang malulugi o magsasara kung walang papasok sa kanilang kita sa loob ng apat na buwan. Pero isang patotoo ito na matatag at mapagkakatiwalaan ang ating Kooperatiba dahil nakaya nating magsakripisyo para sa kapakanan ng ating mga Ka-may-ari.

Itong 2021, mukhang hindi pa tapos ang ating pagsasakripisyo. Patuloy pa rin ang pananalasa ng COVID-19 pandemic. Tuloy pa rin ang mga disruptions sa transportasyon at pambansang ekonomiya. Pero sa halip na harapin ang taon nang may takot, harapin natin ang 2021 nang may tapang at pag-asa.

Kaya nating harapin ang anumang pagsubok kung sama-sama tayong lahat na magtutulongan sa pagsasakripisyo bilang mga Ka-may-ari upang masigurong matatag ang pagtayo sa gitna ng anumang krisis nitong kooperatibang pag-aari nating lahat.

Malaking bagay ang sipag ng Management at ng mga empleyado ng PAFCPIC. Pero gusto ko ring purihin ang ating Board of Directors. Sa maraming organisasyon, advisory role lang ang tingin nila sa Board nila. Sa PAFCPIC, aktibong tumutulong ang Board of Directors para makamit ang mga layunin ng Kooperatiba, sa pamamagitan ng kanilang mga committees. Kaya naman itong isyung ito ng Balita ay espesyal dahil gusto naming ipakilala sa inyo ang magiging nating mga miyembro ng Board of Directors.

Sa huli, ang Kooperatiba ay repleksyon ng mga Ka-may-ari nito. Matatag at mapagkakatiwalaan ang PAFCPIC. Matatag ang PAFCPIC dahil matatag din ang ating mga Ka-may-ari. Mapagkakatiwalaan ang PAFCPIC dahil mapagkakatiwalaan din ang mga Ka-may-ari na gagawin ang lahat para tulong-tulong na pangalagaan itong kooperatibang nag-aalaga sa ating lahat.

Kaya sa pagpasok ng 2021, kapit-bisig nating harapin nang may tapang at pag-asa ang kinabukasan.

Maligayang Pasko at Manigong Bagong taon sa inyong lahat!

PAFCPIC COMMITTEES



BGEN FRANCISCO M PAREDES (RET)
Chairperson, Board of Directors



CPT GRACE JOY A DONQUE
Chairperson, Election Committee



MR DAVID M SEGURA
Chairperson, Audit and
Supervisory Committee



COL ENRICO P PEPITO (RET)
Chairperson, Advisory Committee



MS LUCRECIA R GUIBONE
Chairperson, Gender and
Development Committee



COL REGIDOR M DELA CRUZ (RET)
Chairperson, Scholarship Committee



MGEN ALEXANDER C COSTALES (RET)
Chairperson, Conciliation and
Mediation Committee



COL ROLANDO P SORIANO (RET)
Chairperson, Executive Committee



COL CRISTOPHER T CALULOT SR
Chairperson, Ethics Committee



Francisco M. Paredes
BGEN. FRANCISCO M PAREDES (RET)
CHAIRPERSON, BOARD OF DIRECTORS

IN FOCUS: CHAIRPERSON OF THE BOARD

Sa anumang organisasyon, may dalawang posisyon ang pinakaimportante: ang Presidente na namumuno sa Management at ang Chairperson na namumuno sa Board of Directors. Ang Presidente ang full-time na nagpapatakbo ng organisasyon at humaharap sa mga pang-araw-araw na isyu. Pero kapag ang pinag-uusapan na ay ang pangmatagalangistratehiya ng organisasyon, diyan na kailangan ang gabay at approval ng Board of Directors.

Kaya naman napaka-importante ng Board of Directors, lalo na para sa isang multi-bilyonaryong organisasyon na katulad ng PAFCPIC. Sa kanila nakasalalay ang istratihikong direksyon ng PAFCPIC sa pagharap sa kinabukasan nito.

At dahil importante ang Board of Directors, ganoon din ka-importante ang Chairperson nito. Sa kaso ng PAFCPIC, maswerte and Kooperatiba dahil kahanga-hanga ang service history at academic background ng ating Chairperson na si BGEN Francisco M Paredes (Ret).

Edukado bilang abogado si General Paredes at pumasa siya sa 1964 bar exams ng Korte Suprema. Matapos kumuha pa ng karanasan sa private practice, nagsimula ang paglilingkod ni General Paredes sa AFP noong 1966, sa ilalim ng AFP Judge Advocate General Service. Noong 1969, ipinadala siya kasama ang Philippine Contingent sa Vietnam noong panahon ng Vietnam War. Nag-retire siya sa AFP noong 1997.

Sa kanyang military career na umabot ng tatlong dekada, patuloy lang ang pag-aaral ni General Paredes upang lalong mas mabuting makapagsilbi sa kanyang posisyon. Marami siyang nakuhang mga degree at sertipiko sa iba't ibang fields ng batas mula sa mga kilalang unibersidad at academic units sa buong mundo katulad ng Harvard University, International Institute of Humanitarian Law, University of Texas, The United States Army Judge Advocate General's Course, at Australian Management College. May educational background din siya sa business matapos na makapag-aral sa Ateneo de Manila University at isumite ang kanyang thesis na tungkol sa financial viability ng PAFCPIC.

Kaya naman nakakasiguro tayo na totoong matalino at qualified ang namumuno sa Board of Directors ng PAFCPIC. Sa ilalim ng kanyang pamumuno, ang Board ay nag-e-evaluate at nag-a-approve sa mga strategic plans ng Management, lalong lalo na sa pang-matagalang plano katulad ng 5-year plans.

Marami siyang nakuhang mga degree at sertipiko sa iba't ibang fields ng batas mula sa mga kilalang unibersidad at academic units sa buong mundo katulad ng Harvard University, International Institute of Humanitarian Law, University of Texas, The United States Army Judge Advocate General's Course, at Australian Management College.

Trabaho rin ng Board of Directors na gabayan at aprubahan ang mga rekomendasyon ng Management sa panahon ng malaking oportunidad at ng malaking krisis. Isang halimbawa ng malaking oportunidad ay ang halos pag-doble sa sweldo ng mga sundalo at personnel ng AFP noong 2018. Sa pagtutulungan ng Management at Board, lumago ang PAFCPIC nang husto noong taong iyon dahil sa mahusay na mga business decisions na nagdulot ng malaking pakinabang sa PAFCPIC kaugnay ng oportunidad na dala ng paglaki ng sweldo sa AFP. Isang halimbawa naman ng krisis ay ang COVID-19 pandemic na nakapilay sa pampublikong transportasyon at pambansang ekonomiya. Sa ilalim ng pamumuno ni General Paredes sa Board of Directors na nakikipagtulungan sa PAFCPIC Management sa pamumuno ni BGEN Fernando S Zabat (Ret), patuloy na hinaharap ng PAFCPIC ang mga hamon na dala ng COVID-19 pandemic.

Marami pang hinaharap na mga oportunidad at isyu ang PAFCPIC. Isa na rito ang isyu ng data privacy na mahalaga na ngayon sa batas ng Pilipinas, kaya naman maraming pagbabago ang kailangan sa mga proseso ng mga organisasyon hinggil sa paghawak ng pribadong impormasyon ng mga customers o members. Isa pang hamon ang mga nagbabagong health protocols para pigilan ang pagkalat ng COVID-19 na kailangang ibalanse sa pangangailangan ng negosyo na patuloy na lumago. Pero anumang oportunidad o hamon ang harapin ng PAFCPIC, makasisiguro tayo sa mahusay na pag-gabay ng Board of Directors sa pamumuno ni General Paredes.



COL ROLANDO P SORIANO (RET)
CHAIRPERSON, EXECUTIVE COMMITTEE

EXECUTIVE COMMITTEE

Sa pangunguna ni Col Rolando P Soriano (Ret), ang Executive Committee ang nagpapasa at nagsisiyasat sa mga katanungan at kahit anong aksyon na kinakailangan ng Board of Directors. Dagdag pa rito, sinisiguro ng Committee ang mga aksyon ng kooperatiba ay katanggap-tanggap at umaayon sa kapakanan ng mga Ka-may-ari.

Bago mapabilang sa Board of Directors, si Col Soriano ay naglingkod sa Sandatahang Lakas mula taong 1969 hanggang 2000. Pagkatapos buong pusong pagsilbihan ang ating bansa, si Col Soriano ay nagsimula bilang Vice President of Finance noong 2002 hanggang sa maging Executive Vice President at President ng PAFCPIC. Nagretiro siya mula sa PAFCPIC Management noong 2016. Sa kasalukuyan, siya ang Vice Chairman ng Board of Directors at Chairman ng Executive Committee.

Ayon kay Col Soriano, “Naapektuhan rin talaga ang committee nitong pandemya. Pero sa kabila ng ganitong sitwasyon, sinisiguro kong ginagawa pa rin ng PAFCPIC ang lahat upang maghatid ng serbisyong maaasahan.”

Dagdag pa niya: “Kaya sa ating mga members, hinihikayat ko kayong patuloy na suportahan ang PAFCPIC, tangkilikin ang aming mga produkto at serbisyo, at ipagpatuloy ang tiwala sa ating kooperatiba.”

CONCILIATION AND MEDIATION COMMITTEE

Sa pamumuno ni MGen Alexander C Costales—ang Conciliation and Mediation Committee ang nag-aasikaso at namamagitan sa mga hindi inaasahang di-pagkakasunduan sa pagitan ng mga members, officers o directors ng PAFCPIC. Layunin ng committee na ito na mapanatili ang kaayusan upang maging kaaya-aya at mas maaasahan ang serbisyong maihahatid ng PAFCPIC sa mga members.

Sa ilalim ng Cooperative Development Authority Memorandum Circular No 2013-20, ang Conciliation and Mediation Committee ay may tungkulin na magsagawa ng mga aksyon para bumuo at mapabuti ang mga polisiya sa usapin ng conciliation-mediation.

Si MGen Costales ay nanilbihan na sa PAFCPIC mula pa nang siya ay mag-retire sa military. Sa paninilbihan sa committee, nagawang mag-publish ng Mediation and Conciliation pamphlet na naibigay noon sa General Assembly.

“Sa panahon ng pandemya nais kong bigyang diin sa lahat ng members na, we are all Ka-may-ari dito. Ang PAFCPIC ay very transparent—ginagawa namin ang lahat para mapabuti ang lagay ng mga miyembro. Aahon din tayo sa pandemyang ito. Maraming salamat sa suportang binibigay niyo.” ani MGen Costales.



MGEN ALEXANDER C COSTALES (RET)
CHAIRPERSON, CONCILIATION AND MEDIATION COMMITTEE

AUDIT AND SUPERVISORY COMMITTEE

Ang Audit and Supervisory Committee ang sumusubaybay at nagrereview ng Books of Accounts, financial records at iba pang mga polisiya upang masigurong nakaayon pa rin ang mga aksyon ng coop sa cooperative principles. Si Mr David M Segura ang kasalukuyang namumuno sa Audit and Supervisory Committee.

Graduate si Mr Segura ng Accountancy sa Holy Trinity University sa Puerto Princesa City, Palawan. Nagsimula noong ika-16 ng Mayo 1994, nang magsimula siya sa PAFCPIC bilang pinaka-unang Accounting Manager. Na-promote siya bilang Internal Auditor matapos ang limang taon. Siya rin ang pansamantalang tumayong Budget Officer, Compliance Officer at Risk Management Officer habang hindi pa napupunan ang mga posisyong ito. Noong ika-16 ng Pebrero 2016, siya ay nag retire sa PAFCPIC.

Laging busy ang Audit and Supervisory Committee, subali't hindi maiiwasang maapektuhan ang mga activities nito ngayong 2020 dahil sa pandemic.

“Higit na nakaapekto ang pandemya sa aming committee,” ani Mr Segura. Maraming plano ang hindi natuloy tulad ng pagbisita sa mga PSOs at pagbisita sa mga members sa field. Gayunpaman, patuloy na sinisiguro ng Audit and Supervisory Committee na ginagawa namin ang aming trabaho ng walang kinikilingan.”

Mula 1994 hanggang kasalukuyan ay patuloy na pinipiling pagsisilbihan ni Dir Segura ang PAFCPIC. “Kami sa Audit and Supervisory Committee ay taos pusong nagpapasalamat sa ating mga Ka-may-ari sa pag pili sa amin upang kumatawan sa kanila dito sa PAFCPIC. Gagawin namin ang lahat upang protektahan ang interes ng ating mga Ka-may-ari.”



MR DAVID M SEGURA
CHAIRPERSON, AUDIT & SUPERVISORY COMMITTEE



COL REGIDOR M DELA CRUZ (RET)
CHAIRPERSON, SCHOLARSHIP COMMITTEE

SCHOLARSHIP COMMITTEE

Mula nang naitatag ang Scholarship Committee noong 1997, ang pangunahing layunin nito ay matulungan ang mga beneficiaries na makapagtapos ng tertiary education. Ito ay isang committee na binuo upang mangasiwa sa mga policies at guidelines ng PAFCPIC Scholarship Program. Naniniwala ang bumubuo ng PAFCPIC Scholarship Program na ang pagbibigay ng pagkakataon upang makamit ang de-kalidad na edukasyon ay isang sandata upang umangat ang socio-economic condition ng mga miyembro.

Sa pangunguna ni Col Regidor M dela Cruz (Ret), isang retired Military Officer, ang Scholarship Committee ay ang pangunahing namamahala sa PAFCPIC Scholarship Program. Kasama sa mga programa ng committee ang pagbibigay ng seminar sa mga scholars upang magbigay ng maikling background sa buhay-kolehiyo. Kasabay nito ay nagbibigay din ng orientation para sa mga member-sponsors kung paano susuportahan at gagabayan ang mga scholars habang sila ay nag-aaral sa kolehiyo.

Sa panahon ng pandemya, todo-serbisyo pa rin ang Scholarship Committee at patuloy na nagbibigay ng monthly stipend para sa transportation at book subsidies ng mga scholars nito.

Mensahe ni Col dela Cruz para sa ating mga Ka-may-ari, “Nawa’y ipagpatuloy natin ang pagtutulungan upang makamit natin ang tagumpay. Lahat ay naapektuhan nitong pandemya; ngunit, di tayo papatalo, buhay ang diwa ng kooperatibismo. Makakaasa kayong ang PAFCPIC Scholarship Program ay patuloy na gagabay at tutulong sa ating mga myembro at pati na rin sa kanilang mga pamilya.”

2020 IN 20 PHOTOS

7
A YEAR IN REVIEW




PAG AABOT NG TULONG SA MGA BIKTIMA NG BAGYONG ULYSSES SA CAGAYAN




PAGBIBIGAY TULONG NG PAFCPIC SA MGA NASALANTA NG TAAL VOLCANO



RELIEF GOODS MULA PAFCPIC PAPUNTANG CAGAYAN



PAG AABOT NG TULONG SA MGA BIKTIMA NG BAGYONG ULYSSES SA CAGAYAN



TULONG TULONG NA NAG RE-PACK NG PAFCPIC EMPLOYEES NG RELIEF GOODS PARA SA CAGAYAN, ISABELA AT MARIKINA




(LEFT TO RIGHT) COL MASA (RET) KASAMA SI COL ARTEGA AT MS ARAMPONI SA BLESSING NG BAGONG OPISINA NG PSO-CGEA



PANALOAN 2019 GRAND PRIZE WINNER



(LEFT TO RIGHT) LTGEN LOPEZ (RET), BGEN CABADING (RET) KASAMA SI LTGEN GAPAY AT BGEN ZABAT (RET) SA GENERAL ASSEMBLY NG PAFCPIC NOONG PEBRERO 2020



TULONG TULONG NA NAG RE-PACK NG PAFCPIC EMPLOYEES NG RELIEF GOODS PARA SA CAGAYAN, ISABELA AT MARIKINA




PAFCPIC BOARD OF DIRECTORS AND COMMITTEE MEMBERS



RIBBON CUTTING SA BAGONG GUSALI NG PSO-FORT MAGSAYSAY



TURN-OVER NG INNOVA SA 11ID SA ZAMBOANGA



PAGSALUBONG SA GUEST OF HONOR SA BLESSING NG BAGONG OPISINA NG PSO-LA UNION



PAGKILALA SA PAFCPIC NG AIR FORCE FINANCE CENTER



BAGONG BUKAS NA OPISINA NG TARLAC



PAGSALUBONG SA GUEST MULA SA LANDBANK OF THE PHILIPPINES SA LA UNION



MS GARNACE KASAMA ANG MGA KINATAWAN NG COOPERATIVE DEVELOPMENT AUTHORITY SA ISANG MEETING



[LEFT TO RIGHT] BGEN ZABAT (RET) KASAMA SI CONG RICO BGERON NG AGAP PARTYLIST AT SI MGEN COSTALES (RET) SA ORGANIZATIONAL MEETING NG PAFCPIC



GRAND RAFFLE DRAW NG PAFCPIC PANALOAN AT FILL OUT N WIN 2020



CHAIRPERSON OF PAFCPIC BOARD OF DIRECTORS, BGEN PAREDES, NAGBIGAY NG MENSAHE SA GRAND RAFFLE DRAW NG PANALOAN AT FILL OUT N WIN 2020



MGA KINATAWAN NG PAFCPIC NA MAG-AABOT NG TULONG SA CAGAYAN, MARIKINA AT ISABELA

PAFCPIC, NAG-ABOT NG TULONG SA MGA NASALANTA NG BAGYONG ULYSSES

Sa pangunguna ng PAFCPIC Community Development Department, namahagi ng relief goods ang PAFCPIC sa mga biktima ng Bagyong Ulysses sa iba't ibang bahagi ng Cagayan, Isabela at Marikina noong Nobyembre 18, 2020. Hinagupit ng Bagyong Ulysses ang malaking bahagi ng Northern Luzon mula ika-11 hanggang ika-12 ng Nobyembre 2020—sa sobrang lakas ng ulan ay lumubog sa tubig ang mga bayan ng Marikina at Rizal. Sa lakas ng ulan ay nagdulot ito ng pagtaas ng water level sa mga malalaking Dam tulad ng Magat Dam, na naging sanhi ng paglubog ng mga bayan ng Isabela at Cagayan.

Matapos mabalitaan ang pinsalang dinulot ng bagyo, mabilis na umaksyon ang Vice President for Membership Education and Community Services na si Ms Maria Teresa Garnace—mabilis na nakipag coordinate ang mga staff ng Community Development Department sa pangunguna ni Mr Aaron Evangelista sa National Disaster Risk Reduction and Management Council (NDRRMC) at sa mga Provincial Social Welfare and Development Office (PSWD) upang iabot ang tulong ng PAFCPIC.

Inaprubahan ni PAFCPIC President BGen Fernando S Zabab, na mamahagi ang PAFCPIC ng 2000 grocery bags para sa mga biktima ng bagyo: 1000 grocery bags ang ipinamahagi sa Cagayan, 500 sa Isabela at 500 sa Marikina. Nakabase ang mga donasyon sa ibinigay na data at analysis ng PSWD sa mga lugar na naapektuhan.


Dagdag pa sa 2000 na boxes, nagawa ring makakuha ng 200 boxes ng donasyon na may lamang relief items mula sa mga residente ng AFPOVAI Phase 6, alumni ng Maryknoll, Catholic Community Bukas Loob sa Diyos at

mga empleyado ng PAFCPIC. Mayroon ding nalikom na cash donation na umabot sa P67,281.14.

Kinailangan ng mabilisang pagkilos upang makarating ang mga relief goods sa tamang oras. Kaya naman, buhay na buhay ang diwa ng kooperatibismo nang mag desisyon ang karamihan ng mga empleyado ng PAFCPIC na tumulong sa pag pack ng relief goods mula umaga hanggang gabi.

Hindi na bago ang pagbibigay ng tulong para sa PAFCPIC, noon pa man ay kasama na sa kultura ng PAFCPIC ang magbigay ng tulong sa mga kinakailangan—naniniwala ang PAFCPIC na ang pagtulong ay pagbibigay pag-asa sa tao upang sila ay magpatuloy sa kani-kanilang buhay.

“Kung mayroon mang natutunan ang PAFCPIC sa pangyayaring ito, ito ay ang importansya ng pagtutulongan at bayanihan. Nawa’y bigyang diin natin ang kooperatibismo at palawakin natin ito.” ani Ms Garnace.



PAGTULONG NG MGA SUNDALO SA PAG KARGA NG MGA RELIEF GOODS TUNGONG CAGAYAN AT ISABELA



PAMIMIGAY SA PSO-CAMP GENERAL EMILIO AGUINALDO
NG VIT C SA MGA MIYEMBRO


PAMASKONG HANDOG NG GAD COMMITTEE

Patuloy na nakakaapekto ang COVID-19 sa pang-araw-araw na galaw ng mga tao sa mundo. Dahil dito, ipinayo ng Department of Health sa publiko na patuloy na palakasin ang immune system at siguraduhing sumunod sa safety protocols para matulungan ang gobyerno sa pagsugpo sa COVID-19.


Dahil dito, ang PAFCPIC Gender and Development Committee ay namigay ng Vitamin C boxes na naglalaman ng 100 tablets. Ipinamahagi ang mga ito sa mga miyembro ng PAFCPIC sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas. Bilang frontliners sa pagbibigay ng serbisyong pinansyal, nais bigyang-diin ng PAFCPIC ang kahalagahan ng malakas na resistensiya sa panahon ng pandemya.

Sa panahong ito, lalong ipinakita ng PAFCPIC ang pagpapahalaga nito sa prinsipyong "Concern for the Community" na isa sa Seven Cooperative Principles na isinusulong ng mga kooperatiba.

4,500 boxes ang ipinamahagi sa mga PAFCPIC Satellite Offices noong ika-1 ng Disyembre, 2020, upang maibigay sa mga members sa iba't ibang bahagi ng bansa. Samantala, may 100 boxes din na ipinamigay bilang bahagi ng pagtulong ng PAFCPIC sa mga biktima ng Typhoon Ulysses sa Cagayan noong Nobyembre 21, 2020.



PAMIMIGAY SA PSO-FORT BONIFACIO
NG VIT C SA MGA MIYEMBRO



PINAMIGAY NA VITAMIN C TABLETS
NG PAFCPIC GAD COMMITTEE



RIBBON CUTTING SA BAGONG GUSALI NG PSO-CGEA SA PANGUNGUNA NI COL ARTEGA AT MGEN COSTALES (RET)

PSO-CGEA LUMIPAT SA BAGONG OPISINA

Pinangunahan ni Rev Fr Maj Juan Jerome C Daluro ang blessing ng bagong building ng PAFCPIC noong ika-30 ng Oktubre 2020. Mula sa dating gusali na matatagpuan sa Veterans Area, Metrowalk, Camp General Emilio Aguinaldo ang bagong gusali ng PSO-CGEA ay matatagpuan sa AFPCOC Sports Complex, Camp General Emilio Aguinaldo, Quezon City.


Para sa ribbon cutting, pinangunahan ito nina Col Sidney V Artega, Commander ng Camp Management Security Group ng Camp General Emilio Aguinaldo kasama ang Board of Director ng PAFCPIC na si MGen Alexander C Costales (Ret).

Dumalo rin ang ilang kinatawan ng Board of Directors kasama ang ilan sa PAFCPIC Management upang ipaabot ang galak at pasasalamat sa tagumpay ng pagbubukas ng bagong building.

“Hindi maikakaila na nasanay na tayo sa dati nating opisina ngunit ang paglipat natin dito ay simbolo ng tatag at lakas—dahil dumadami na ang bilang ng ating mga miyembro pinili nating mas lumaki rin ang ating opisina. Kahit lumipat ang pwesto ng PAFCPIC, nawa’y patuloy natin itong tangkilikin.” ani BGen Fernando S Zabata (Ret), Presidente ng PAFCPIC.



BAGONG OPISINA NG PSO-CGEA



MGA KAWANI NG PAFCPIC SA HARAP NG BAGONG GUSALI NG PSO-CGEA



RIBBON CUTTING SA BAGONG OPISINA NG PSO-LA UNION SA PANGUNGUNA NI BGEN ZABAT (RET), LTC HUELE AT COL DELA CRUZ (RET)

PAFCPIC NAGBUKAS NG OPISINA SA LA UNION

Pinasinayaan ang bagong-tayong gusali ng PAFCPIC sa La Union noong ika-3 ng Disyembre 2020. Dinaluhan ito ng mga kinatawan ng PAFCPIC Board of Directors at ilan sa PAFCPIC Management. Matatagpuan ang bagong tayong gusali sa Pennsylvania Avenue, Brgy Poro, San Fernando, La Union.

Maliban sa mga kinatawan ng PAFCPIC Board of Directors at PAFCPIC Management, dumalo rin ang Commander ng 548 ECBN na si LTC Gerry H Juele CE (GSC); mga kinatawan ng Naval Forces Northern Luzon na si PO3 Philipbert A Lozano PN at PO3 Nolly A Soriano PN; si LT Joana A Valentino PN ng Finance, Naval Forces Northern Luzon; at Branch Manager ng Land Bank of the Philippines - San Fernando na si Ms Adeline M Ramos.

Ang pagbubukas ng bagong satellite office ito ay bunga ng matagal nang pagnanais ng PAFCPIC na mas mapalapit ang mga kasundaluhan na nakadestino sa La Union sa dekalidad na serbisyong pinansyal. Binibigyang diin ng PAFCPIC na lalong kailangan ngayon na magbigay ng serbisyong malapitan dahil sa panahon ng pandemya kung saan karamihan sa mga AFP units ay pansamantalang nasa ilalim ng hard lockdown.



BAGONG OPISINA NG PSO-LA UNION

GRAND DRAW WINNERS

Fill Out n'
WIN!
2020

TWO (2) WINNERS OF YAMAHA N MAX ABS

PAJARILLO BELMAR L
PSO - PALAWAN
SABLON CHRISTIAN PAUL A
PSO - JAMINDAN

THREE (3) WINNERS OF SAMSUNG GALAXY PHONE

LAUZON CHRISTIAN JAMES
PSO - SAMAR
LAMBINICO RODRIGO F
PSO - TARLAC
GARING MURIEL O
PSO - CAPAS

FIVE (5) WINNERS OF TECHNOMARINE WATCH

ORUGA JOSEFINA M
PSO - TANAY
PAHILANGCO CHRISTIAN
PSO - FORT BONIFACIO
BAJA ALVIN Z
PSO - SAMAR
SARAJI ROMIL J
PSO - COTABATO
MAHINAY WARREN T
PSO - JAMINDAN

THREE (3) WINNERS OF XTREME MAGIC SING

BELLEN ELIAS B
PSO - PALAWAN
BAYAS JOMAR M
PSO - PALAWAN
CUAYCO WILFREDO JR C
PSO - JAMINDAN



TWO (2) WINNERS OF HONDA BRIO CVT 2019

MORATE REYNAN F
PSO - BICOL
CALAMBRO NELSON C
PSO - ZAMBOANGA

FIVE (5) WINNERS OF ACER ASPIRE LAPTOP

GERABON ROLANDO T
PSO - DAVAO
TIBLAN LUKMAN P
PSO - JAMINDAN
BASILIOTE ELARDE D
PSO - ZAMBOANGA
MANZAN JIMMY O
PSO - GENERAL SANTOS
TORRE ARTEM L
PSO - ZAMBOANGA

THREE (3) WINNERS OF LG 55-INCH, ULTRA HD, SMART TV

SALAMANCA CHESTER I
PSO - CAPAS
SURITA FREDERICK RANDALL
PSO - GENERAL SANTOS
QUILBIO JESUSA T
PSO - FORT BONIFACIO



MS GEORGETTE LAGGUI
PAFCPIC SCHOLAR, BATCH 2015

PASASALAMAT NG ISANG ISKOLAR

Ako si Georgette Laggui, 22 years old at ang panganay sa aking apat na kapatid. Naging iskolar ako sa ilalim ng PAFCPIC Scholarship Program noong 2015, kabilang sa Batch 15. Sang-ayon sa layunin ng programang ito, mas naging determinado akong subukin ang aking sarili hanggang sa nakapagtapos ako bilang Cum Laude sa Polytechnic University of the Philippines sa kursong Bachelor of Science in Business Administration Major in Marketing Management.

Taos puso po akong nagpapasalamat dahil kalaunan ay naging bahagi na rin ako ng PAFCPIC nitong January 2020. Kasalukuyan po akong nasa ilalim ng Customer Relations Section ng Operations Division bilang isang Customer Support Assistant.

Hindi basta-basta lang ang maging iskolar ng PAFCPIC sa kadahilanang may required maintaining grade na di bababa sa 2.75. Bukod pa rito, naging malaking hamon rin para sa akin ang mataas na ekspektasyon ng aking mga magulang bilang panganay nilang anak. Bilang isang normal na estudyante, bahagi ng pagsisikap ang pagsasakripisyo sa maayos at komportableng tulog. Saksi rin ang di-mabilang na tasa o baso ng kape para panatilihin ang diwa ko sa maghapon. Mahaba ang takbo ng araw, gayundin ng mga obligasyong nakapila bilang isang nakatatandang kapatid kaya naman hindi maiiwasang sa madaling araw lamang ako nagkakaroon ng kapayapaang maka-focus sa academic workload.

*"Gusto kong ipakita sa **PAFCPIC** na hindi sila nagkamali sa pagpili sa akin bilang bahagi ng kanilang programa. Malaking bagay ang naging papel nila para mairaos ko ang aking apat na taon sa kolehiyo. Malaking tulong ang buwan-buwan na allowance dahil ginamit ko iyon bilang baon, pamasaha sa aran-aran pati na rin ang pagtugon sa aking mga requirements."*

Para sa mga susunod na magiging mga iskolar ng PAFCPIC, masaya akong ibahagi ang mga karanasang maaari rin nilang pagdaanan. Nawa'y magsilbing inspirasyon ito sa kanila para mas lalo pang magsumikap sa pag-aaral. Ilang taon man kung tutuusin, mahirap man ang dadanasin, lagi at lagi sana tayong magpatuloy. Magaan sa pakiramdam ang nakakatulong at nakapagbabalik na tayo sa ating pamilya at sa marami pa kapalit ng ating pinaghihirapan. Muli, buong-puso po akong nagpapasalamat sa lahat ng bumubuo ng PAFCPIC dahil kung hindi dahil sa kooperatiba na ito ay wala ako ngayon sa aking kinatatayuan.



PAPSI KA-MAY-ARI ONLINE

MAS PINABILIS NA SERBISYO NG PAFCPIC

Sa Papsi Ka-may-ari Online, puwede nang magpa-member at mag-loan online.

- Para sa may mga kakilalang taga-AFP, ipaalam sa kanila na pwede nang magpa-member online
- Para sa mga may balak mag-loan, dito na kayo mag-loan gamit ang aming online platform

Sa Papsi Ka-may-ari Online, makakaasa ka sa serbisyong mabilis, ligtas at maasahan!

- Mabilis. Walang hassle! I-submit ang requirements mo online, at magpapakita ka na lang pag approved na ang membership o loan application mo
- Ligtas. Walang pila! Di na kailangang lumabas, kaya walang tsansa na ma-expose ka pa sa COVID-19 pandemic
- Maaasahan. Walang alalahanin! Maingat naming maproseso ang mga dokumento at personal mong impormasyon na naaayon sa Data Privacy Act

Para regular na makasunod sa mga impormasyon at anunsyo mula sa PAFCPIC, i-follow kami sa facebook sa www.facebook.com/pafcpic o bisitahin kami sa www.pafcpic.ph



MISA NOONG IKA-39 NA TAON
NA PAGKATATAG NG PAFCPIC


PAFCPIC, PINARANGALAN NG CDA SA GAWAD PARANGAL 2020

Kinilala ng Cooperative Development Authority (CDA) ang PAFCPIC sa Gawad Parangal 2020 sa pagtatapos ng Cooperative Month online celebration nitong ika-20 ng Oktubre 2020.

Sa Zoom kung saan ginanap ang parangal, si Vice President for Membership Education and Community Development Ma Teresa Garnace ang tumanggap ng sertipiko. Kinilala ang PAFCPIC sa mga aksyon at tulong na ibinahagi nito sa panahon ng COVID-19 pandemic.

Sa unang bugso ng pandemya ang PAFCPIC ay mabilisang tumulong at namahagi ng mga medical equipment at supplies sa Philippine Army, Philippine General Hospital, AFP Health Service Command, at sa iba pang mga institusyon.

Ang Cooperative Development Authority Gawad Parangal ay ang taunang pagkilala sa mga natatanging kooperatiba at cooperative partners.



PAFCPIC NAGDIWANG NG IKA-39 TAON NG PAGKATATAG

Fort Bonifacio, Taguig City—Ipinagdiwang ng PAFCPIC ang ika-39 taon na pagkatatag sa financial industry. Isang thanksgiving mass na pinangunahan ni Rev Fr Chrismar Daguno ang ginanap para ipagpasalamat ang mga biyayang natamo ng PAFCPIC sa gitna ng pandemya.

Dinaluhan ng ilan sa PAFCPIC Management at ilang kawani ng PAFCPIC ang ginanap na thanksgiving mass. Pagkatapos ng misa ay sabay sabay na nagkaroon ng digital na programa ang iba't ibang satellite offices.

“Hindi man natin naranasan ngayong taon ang malakihang gathering, ipinagpapasalamat pa rin natin na kahit may kasalukuyang pandemyang kinakaharap ang mundo; ang PAFCPIC ay patuloy na tumitindig para mag-abot ng tulong pinansyal sa ating mga myembro. Saksi ang 39 na taon sa lahat ng pagsubok na na-igpawan ng PAFCPIC. Maraming salamat sa ating mga Ka-may-ari dahil hindi niyo kami tinalikuran. Atin ang taong ito at ang mga susunod pa.” Mensahe ni BGen Zabab.

PAFCPIC SATELLITE OFFICES

LUZON

PSO - Bicol

National Highway, Cadlan, Pili,
Camarines Sur
(054) 477-7410

PSO - CGEA

Veterans Area, Metro Walk,
Camp Aguinaldo, Quezon City
(02) 911-6560

PSO - Capas

Camp O'Donnell Transmitter Site,
Brgy Sta Lucia, Capas, Tarlac
0928-5065606

PSO - Fort Bonifacio

Col Rodolfo S Cantor Building,
Bayani Road, Fort Bonifacio, Taguig City
(02) 8844-9010 local 208

PSO - Fort Magsaysay

Col Geronimo Bldg, Soldierville Heights,
Brgy Mapalad, Sta Rosa, Nueva Ecija
(044) 806-1958

PSO - Ilocos Sur

National Highway, Brgy San Jose,
Narvacan, Ilocos Sur
(077) 732-5895

PSO - Isabela

MSgt Laylay Bldg, Maharlika Highway,
Upi, Gamu, Isabela
0921-2362830 / 0917-7913657

PSO - La Union

#351 Pennsylvania Ave., Brgy. Poro
San Fernando, La Union
(074) 443-8072 / 0939-9375590

PSO - Legazpi

Ground Floor, Commercial Unit 1,
Pinehurst Suites, 1032 JP Rizal St,
Sagpon, Legazpi City, Albay
(052) 480-5722

PSO - Lucena

Aurora Boulevard Ext,
Brgy Gulang-Gulang, Lucena City
(042) 373-5586

PSO - Palawan

Stradcom Bldg, Unit H, WESCOM Road
Brgy San Pedro, Puerto Princesa City,
Palawan
(048) 433-1579

PSO - Tanay

Col Ancheta Bldg, Purok II, Marcos
Highway, Brgy Sampaloc, Tanay, Rizal
(02) 401-4381

PSO - Tarlac

Col Cal-Ortiz Bldg, Brgy Capehan,
Tarlac City
(045) 985-1761

VISAYAS

PSO - Cebu

2Lt Lauron Building, Camp Lapu-Lapu
Avenue, Brgy Apas, Cebu City
(032) 231-5785 / (032) 231-9291

PSO - Iloilo

Brgy Buhang, Taft North, Mandurriao,
Iloilo City
(033) 321-2257

PSO - Jamindan

Brgy Jaena Norte, Jamindan, Capiz
0917-860-2812

PSO - Negros

EL Court, Cor Lacson Avenue & 1st St
Bacolod City, Negros Occidental
(034) 435-8723

PSO - Samar

Purok 1, Brgy Maulong, Catbalogan,
Samar
(055) 544-0118

MINDANAO

PSO - Butuan

Door 1, Apatan Commercial Bldg,
Bancasi, Butuan City
(085) 342-1439 / (085) 226-5669

PSO - Cagayan de Oro

Col Luzano Bldg, Zone 10, 6th
Division,
Patag, Cagayan de Oro City
(088) 881-2981

PSO - Cotabato

Airport Road, Awang, Datu Odin
Sinsuat, Maguindanao
(064) 431-0058

PSO - Davao

Pres Carlos P Garcia Highway, Davao
City
(082) 241-2704 / (082) 241-1348

PSO - General Santos

Bulaung Avenue, Dadiangas North
General Santos City
(083) 552-3412

PSO - Pagadian

Cor Rizal Avenue & Sagun St,
Lumbia District, Pagadian City
(062) 214-3184 / (062) 925-0201

PSO - Zamboanga

Azucena Suterville, San Jose Gusu,
Zamboanga City
(062) 983-0368 / (062) 992-4988
0928-5065611

PAFCPIC LIAISON OFFICES

PSO - Samar

Tacloban Liaison Office

Brgy 91, Maharlika Highway, Abucay,
Tacloban City

Catarman Liaison Office

Roxas Cor., Anunciation St., Brgy. Acacia,
Catarman, Northern Samar

PSO - CDO

Iligan Liaison Office

Camague Highway, Tomas Cabili,
Iligan City

PSO - Capas

Floridablanca Liaison Office

Unit 14, V-Walk Space Rental, #1 Romana
Pangan Highway, Brgy Fortuna,
Floridablanca, Pampanga

PSO - Tarlac

Manaoag Liaison Office

1st RCDG, ARC, Camp Lt Tito Abat,
Manaoag, Pangasinan

NETC Liaison Office

Naval Education and Training Command,
San Antonio, Zambales

PSO - Negros

Dumaguete Liaison Office

2/ DS Building, Perdices St.,
Dumaguete City

PSO - Fort Bonifacio

Tanza Liaison Office

HHSBn, ARESKOM, Camp Riego De Dios,
Tanza, Cavite

Sangley Point Liaison Office

M. Gregorio cor Kasaganaan Streets,
Brgy. San Antonio, Cavite City

Villamor Air Base Liaison Office

3rd Floor, Airmen's Mall, Villamor Air Base,
Pasay City

PSO - La Union

Baguio Liaison Office

PMA Concessionaire Area, Fort del Pilar
Baguio City

PSO - Cebu

Lapu-Lapu Liaison Office

Santiago Arcade MVP Ave., Pajo,
Lapu-Lapu City



PAFCPIC

PANA**LOAN** 2021!



GRAND DRAW PRIZES

**ONE (1) WINNER OF
FORD RANGER 2.2L XLS 4X2 MT**

**TWO (2) WINNERS OF
APPLE MACBOOK AIR**

**THREE (3) WINNERS OF
SAMSUNG 65-INCH
ULTRA HD, SMART TV**

**TEN (10) WINNERS OF
PHP 10,000 CASH GIFT**

MINOR DRAW PRIZES

**FOUR (4) WINNERS OF
MOUNTAIN BIKE**

**FOUR (4) WINNERS OF
LG 50-INCH,
ULTRA HD, SMART TV**

**FORTY (40) WINNERS OF
PHP 2,000 CASH GIFT**

Promo runs from January 04, 2021 to November 10, 2021.
Grand Raffle Draw is on December 10, 2021.
See print ads for more details.


**Actual brand and color may vary upon item's availability*





Serving the AFP
since 1981


PAFCPIC

Col Efren R Zaide Building
Bayani Road, Fort Bonifacio, Taguig City

 www.pafcpic.ph

 /pafcpic

 @pafcpicofficial

 (02) 8844-9010